
9

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 5: Tayo'y Sumunod at Makiisa




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Tayo’y Sumunod at Makiisa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ivy Abdon Samson

**Editor:** Charie S. Bato, Filma B. Catalan, Ed. D.

**Tagasuri:** Monalisa Babiera, Epimaco M. Paster

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Liezel R. Capitanea, RL

**Tagapamahala:** Dr. Isabelita M. Borres, CESO III
Eugenio B. Penales, Ed. D.
Sonia D. Gonzales
Dr. Jeanelyn A. Aleman, CESE
Evelyn F. Importante
Rose Marie E. Diocares, Ed. D.

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region IX**
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

9

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 5: Tayo’y Sumunod at Makiisa

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 9 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Lipunang Pang-Pulitikal.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 9 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Lipunang Pang-Pulitikal.

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# Alamin

## Lipunang Pulitikal

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang kaalaman, kakayahan at pag-unawa sa:

2.1. Naipaliwanag ang dahilan kung bakit may lipunang pulitikal
2.2. Naipaliwanag ang prinsipyo ng subsidiarity
2.3. Naipaliwanag ang prinsipyo ng Pagkakaisa

Ika nga sa isang kasabihan, “No man is an island”. Hindi sapat sa atin na mamuhay tayo na tayo lamang. Nangangailangan pa rin tayo nang ibang tao na makakasuporta sa ating mga pangangailangan gaya nang pagkain, medical, edukasyon at kahit na sa emosyonal na aspeto. Kailangan parin natin ang ibang tao gaya ng ating pamilya, kapitbahay, mga guro, doctor, abogado, mga negosyante at ang ating mga lideres para tayo ay mamuhay ng mapayapa at matiwasay. Sila ang bumuo ng ating lipunan o komunidad kung saan tayo ay nakikihalubilo araw araw para matugunan ang ating mga pangangailangan.

Kapag ang isang pangkat ng mga tao ay naninirahan, dapat silang sumang-ayon sa isang hanay ng mga pangkalahatang prinsipyo. Ang politika ay isang mekanismo kung saan maaaring makarating ang mga tao sa mga pangkalahatang tuntunin; panatilihin ang mga ito; baguhin ang mga ito bilang bawat pagbabago ng mga kalagayan. Sa madaling paraan, ito ay ang proseso ng paggawa ng mga pagpapasya na nalalapat sa mga miyembro ng isang pangkat. Ngayon, ang mga tao ay may karibal na mga opinyon, iba't ibang gusto, mga pangangailangan sa pakikipagkumpitensya at tumututol na mga interes. Tinitiyak nito ang mga 'salungatan' tungkol sa mga alituntunin kung saan nakatira ang mga tao. Gayunpaman, upang maimpluwensyahan ang mga patakarang ito ay dapat silang magtulungan, makipagtulungan at 'kumilos nang magkakasama' sa mga salita ni Arendt. Sa gayon, ang politika ay isang proseso ng resolusyon sa salungatan, kung saan ang mga karibal na pananaw o mga interes na nakikipagkumpitensya ay pinagkasundo sa isa't isa - sa pamamagitan ng kompromiso, pagkakasundo at negosasyon.

Isa- isa nating diskobrehin ang mga sagot sa mga katanungang, ano ang dahilan kung bakit may lipunang pulitikal? Ano ang ibig sabihin ng prinsipyo ng subsidiarity at ano ang prinsipyo ng pagkakaisa? Tara na at magsimula na tayong punan ang ating mga pag - uusisa at palawakain ang ating kaalaman.

## *Subukin*

### *Gawain 1*: *Pagpapasya*

Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang isinasaad ng mga pangungusap ay katotohanan at **MALI** kung hindi.

___________1. Ang lipunang pulitikal ay laging nauugnay sa salitang kapangyarihan.

___________2. Ang lipunang pulitikal ay ang nangangasiwa ng ating pamayanan, ang mga material na pangangailangan nito at lalo na ang katahimikan at kapayapaan.

___________3. Pag wala ang lipunang pulitikal kaya paring makamtan ang kapayapaan at matiwasay na pamumuhay sa isang baryo o lungsod.

___________4. Ang layunin ng politika ay upang paganahin ang mga miyembro ng isang lipunan na kolektibong makamit ang mga mahahalagang layunin ng tao na hindi nila makamit nang paisa-isa.

____________5. Sa isang lipunan maaring sundin natin ang kahit sinong magbibigay ng panuto, gabay o batas at opinion nang kahit sinong myemro nito kahit na ito ay magdudulot ng kaguluhan.

____________6. Ang ating mga pinuno ang siyang tagagawa ng mga hakbang at plano ukol sa mga programang makakatulong sa mga mamamayan na magkaroon ng matiwasay na pamumuhay.

____________7. Isa sa magandang epekto ng sistemang pulitikal na ginagamit ang prinsipyong subsidiarity ay ang inisyatibo ng indibidwal at grupo ay nabibigyan ng maximum na saklaw upang malutas ang mga problema.

____________8. Ang ating lipunang pulitikal ang siyang pangangasiwaan ng mga mamamayan upang magkaroon sila nang magandang kabuhayan.

____________9. Minsan ang ating lipunang pulitikal ang nakakatulong sa atin na makamit natin ang mga pangangailangan gaya nang edukasyon, tahimik na pamayanan at iba pang importanteng serbisyo sa komunidad.

____________10. Madami ang hindi nakaka intindi sa tunay na halaga ng lipunang pulitikal dahil sa mga maling hakahaka ukol sa mga kontirbusyon nito sa pamayanan.

## *Gawain 2: Gawain 2 (Word Puzzle)*

Panuto: Hanapin sa loob ng puzzle ang mga salitang may kaugnayan sa paksang subsidiarity. Isulat ang mga ito sa papel (may labing isang salita).

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | A | A | R | A | L | H | K | L | K |
| A | C | D | H | N | M | O | K | P | I | T | A |
| G | B | W | A | S | T | O | L | A | H | A | T |
| A | C | A | B | O | L | O | U | N | O | P | A |
| M | A | D | A | L | I | A | N | L | A | A | R |
| G | K | A | D | U | S | H | A | I | M | T | U |
| H | S | G | D | S | Y | A | S | P | L | | N |
| I | Y | A | A | Y | U | S | G | U | W | P | G |
| K | O | H | D | O | G | D | H | N | T | A | A |
| L | N | G | S | N | A | F | A | A | U | T | N |
| N | H | G | G | S | D | D | K | N | A | A | O |
| A | G | A | D | N | A | L | U | N | A | S | P |

# Aralin 1 Lipunang Pang-pulitikal

## Lipunang Pulitikal

Ano ba ang lipunang pulitikal? Gaano ba ito kahalaga? Ano naman ang prinsipyong subsidiarity? Mahalaga ba ito? Anu-ano naman ang epekto nito sa ating lipunan? Ano naman ang prinsipyo ng pagkakaisa? Gaano ito kahalaga at anu-ano naman ang epekto nito sa ating lipunan? Madaming mga indibidwal ang nagtatanong kung ano talaga ang halaga nang politika sa lipunan. Anu- ano ang mga papel na ginagampanan nito sa lipunan? Minsan napapatanong sila kung kailangan pa ba talaga ng mga mamamayan nang lipunang pulitikal?

Ang salitang pulitika ay tumutukoy sa mga pinuno ng gobyerno, mga mambabatas at ang lipunan at mamamayan. Ang salitang pulitika ay mula sa Greek na salitang "polis" na nagpapahiwatig ng parehong elemento ng pamahalaan at katulad ng pamayanang pang-estado sa lahat. Ang politika ay talagang naroroon kapag mayroong isang koleksyon ng mga tao na bumubuo ng isang pamayanan. Ang lipunang pulitikal ay sinasabing isang hanay ng mga aksyon o pangyayari na nag-aangat ng mga katanungan sa komunidad o lipunan sa kabuuan. Ang kanilang mga gawain, pagplaplano at desisyon ay may malaking epekto sa pangkalahatang populasyon sa isang partikular na oras.

Ito ay ang kasanayan at teorya na mang-impluwensya ng mga tao, civic man o indibidwal na mga antas - ito ay tumutukoy sa pagkamit ng katungkulan, kapangyarihan at mga posisyon ng pamumuno- maituturing na organisadong kontrol sa isang tao sa komunidad, lalo na sa estado. May iba't ibang pamamaraan para trabahuhin ang pulitika, kung saan kasama sa pagpo-promote ng sarili nitong persepsyon, pag-aayos ng iba pang mga pampulitikang paksa, paggawa ng mga batas, at paggamit ng kapangyarihan/puwersa, at kabilang ang digma laban sa mga adbersaryo.

Ang **lipunang pulitikal** ay binubuo ng mga pinuno at lider ng gobyerno. Ang mga indibidwal na ito ay nagbubuo ng mga panukalang batas, nagmumungkahi ng mga patakaran at nagtataguyod ng kanilang mga pananaw sa kung paano mapahusay ang pagganap ng ekonomiya ng bansa. Minsan ang ating lipunang pulitikal ang nakakatulong sa atin na makamit natin ang mga pangangailangan gaya nang edukasyon, tahimik na pamayanan at iba pang importanteng serbisyo sa komunidad. Madami ang hindi nakakaintindi sa tunay na halaga nang lipunang pulitikal dahil sa mga maling hakahaka ukol sa mga kontirbusyon nito sa pamayanan.

Ang lipunang pulitikal ay may kakayahang gumawa ng mga pagbabago batay sa kanilang mga pananaw sa kung paano dapat pangasiwaan ang mga importanteng mga pangangailangan ng isang komunidad. Ang lipunang pulitikal ay laging nauugnay sa salitang kapangyarihan. Ito ay nangangasiwa ng ating pamayanan, ang mga material na pangangailangan nito at lalo na ang katahimikan at kapayapaan. Ito ay naglalayon na paganahin ang mga miyembro ng isang lipunan na kolektibong makamit ang mga mahahalagang layunin ng tao na hindi nila makamit nang paisa-isa. Ang ating mga pinuno ang siyang taga gawa ng mga hakbang at plano ukol sa mga programang makakatulong sa mga mamamayan na magkaroon nang matiwasay na pamumuhay.

Ito ay ginagamit sa isang malawak na hanay ng mga sosyal na antas, mula sa tribo ng tradisyonal na lipunan, sa pamamagitan ng modernong mga lokal na pamahalaan, mga kumpanya at institusyon ng hanggang sa pinakamataas na punong-estado hanggang sa pang-internasyonal na antas. Isang pampulitikang sistema ay tumutukoy sa katanggap-tanggap na mga pamamaraang pampulitika sa loob ng isang tiyak na lipunan. - sa kasaysayan, ito ay pag-iisip na mahihinuha mula sa sinaunang panahon na matagumpay na gumana tulad ng Republika ni Plato, pulitika ni Aristotle at ang opus ni Confucius.

Ang **prinsipyo ng subsidiarity** ay ang pakikipagtulungan ng pamahalaan sa mga mamamayan para sa ikauunlad nito. Maaaring pairalin ang prinsipyo ng subsidiarity sa pamilya kung ang lahat ng miyembro nito ay makikipagtulungan sa bawat isa. Halimbawa, ang mga gawaing-bahay na maaaring paghatian ng bawat isa, tiyak makatutulong ito sa ikauunlad at pagkakabuklod ng pamilya. Ang pagkakaroon ng pagkakaisa sa bawat pamilya ang simula upang mas maisagawa ito sa ating lipunan. Nagmula ito sa salitang subsidium (Latin) na ang kahulugan ay tulong. Ito ay ipinakikita na likas sa isang panlipunang gawain ang pagbibigay-tulong o suporta sa lahat ng kasapi ng lipunan. Ang **subsidiarity** ay nangangahulugan na ang mga bagay ay naisasagawa sa antas ng pamayanan sa tulong ng mga naroroon sa mas mataas na antas ng lipunan, hangga't maaari. Ang pagtulong ay isang virtue na taglay ng isang tao na handang ialay kahit ang sarili para sa kabutihang panlahat. Ang pagmamamalasakit ay nakikita sa mga pagsuporta tulad ng pakikilahok sa programa ng komunidad na makatutulong sa paglutas ng mga suliranin nito.



# Balikan

## Gawain 3: Pagtatapat- tapat.

Panuto: Basahing mabuti ang pangungusap sa **Hanay A** at itapat ito sa mga salitang tinutukoy nito na nasa **Hanay B**. Isulat ang letra ng iyong sagot sa patlang bago ang bawat aytem.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ________1. Tumutukoy ng parehong element ng pamahalaan at katulad ng pamayanang pang-estado sa lahat | a. Estado |
| | b. John Dewey |
| | c. Polis |
| ________2. Salitang lagging nauugnay sa pulitika | d. Batas |
| ________3. Philosopher na nagsimula sa konseptong pulitika | e. Programa |
| | f. Kapangyarihan |
| ________4. Pinapangasiwaan ng mga pinuno ng pulitika | g. Pamayanan |
| | h. Aristole |
| ________5. Mga sinasagawa ng mga pinuno upang matiyak ang matiwasay na pamumuhay ng mga mamamayan | i. Politiko |



***Mga Tala para sa Guro***

Ang mga modyul na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, at Pamantasan. Hinikayat naming ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action @deped.gov.ph.

# *Tuklasin*

## *Gawain 4. CROSSWORD PUZZLE*

Panuto: Isulat ang salitang tinutukoy at inilalarawan sa bawat aytem sa loob ng crossword puzzle box

***Pababa***

1- Pinangangasiwaan ng mga pinuno
2- Dapat insaktong mga idea bago gawin ang isang hakbang
3- Tinuturing na dapat payapa at matiwasay
4- Halimbawa ng Pagkakaisa
5- Greek word ng subsidiarity

***Pahalang***

1- Nangangahulugan din ng pagkakaisa
2- Kailangan nang mamamayan para makamtan ang kaunlaran
3- Halimbawa ng subsidiarity
4- Tumutukoy sa indibidwal na interes
5- Dapat gawin ng pamahalaan tuwing may suliran

**Crossword Puzzle**

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 3 | | 2 | | 1 | | | | | | | | | | | | | 5 | |
| | | | | | | | | | | | | | 4 | | | | | |
| | | | | 2 | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | 5 | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | 1 | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | 4 | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |

# *Suriin*




Ano ang idea mo ng prinsipyong subsidiarity? Ano naman ang prinsipyong solidarity o pagkakaisa?

Ang **prinsipyo ng subsidiarity** ay tinatawag na secondary importance. Likas sa mga tao na pangunahing tuonan ng pansin ang kanilang mga sarili at pamilya. Mahalagang maging isa sa ating mga pagpapahalaga ang maiukol sa pamayanan bilang bahagi ng komunidad, sapagkat makatutulong ito sa proseso ng lipunan.

Ang tungkulin ng pamahalaan ay matulungan ang mga mamamayan na magawa nila ang makapagpapaunlad sa kanila. Ang mga tungkulin naman ng mga mamamayan ay ang magtulungan. Mahalaga ang bayan sa bawat isa kaya dapat na pahalagahan din natin ito. Higit na makakatulong sa pagtataguyod ng isang maunlad at mapayapang pamayanan, ganoon din sa ating pamilya ang dalawang prinsipyo na ito.


Ang **prinsipyo ng solidarity** ay tinatawag ding prinsipyo ng pagkakaisa. Sa prinsipyo na ito, kung ano ang gusto ng mga pinamumunuan o mamamayan ay siyang gagawin ng pinuno at ang pinamumunuan ay kailangan na sumusunod sa giya ng kanilang pinuno. Ito ay tungkol sa interes kung saan ang pinakamahalaga ay ang kapakanan ng lahat at kung ano ang interes ng nakararami ay siyang papangibabawin. Ito rin ay tungkol sa responsibilidad kung saan ganap na tinutugunan ng bawat indibidwal ang gampaning nakaatang sa kanya. Ito ay mahalaga upang magkaroon ng mabilis na pag-unlad ang pamayanang kanyang kinabibilangan.

# *Pagyamanin*

## *Gawain 5: Concept Map.*


***Panuto:*** Gamit ang concept map magbigay nang limang (5) salita na mauugnay sa salita sa loob nang bilog.

A.



## *Gawain 6: Venn Diagram*

***Panuto:*** Gamit ang Venn Diagram, paghambingin at ipalintulad (Compare and Contrast) ang Prinsipyong Subsidiarity at Prinsipyong Pagkakaisa.






# *Isaisip*

***Gawain 7: Punan ang Patlang***

Panuto: Basahing maigi ang mga pangungusap. Punan ng tamang sagot ang bawat patlang na makikita sa loob ng kahon sa ibaba.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| malakas | puso | ekonomiya | desisyon | resulta |
| buo | pagkakaunawaan | | suhestiyon | mithiin |
| layunin | kaayusan | kapayapaan | nagtutulungan | |

1. Kapag tayo ay may pagkakaisa, tayo ay nagiging __________at buo.
2. Ang pagkakaisa ay isang gawain na naglalayon ng iisang puso, iisang damdamin at iisang _________.
3. Tayo ay nagkakaroon ng _________ hindi lamang sa ating sarili, sa pamilya pati na rin sa ating bayan.
4. Tayo rin ay ___________hindi lamang sa pamilya kundi pati sa ating ekonomiya.
5. I-rerespeto ang mga ______________ ng bawat isa at pakinggan ang _________ng bawat isa.
6. Kung sa eskwelahan, halimbawa mayroon kayong project na pinapagawa ng iyong guro, mas kinakailangan na mayroon kayong pagkakaisa sa paggawa ng dapat gawin upang maging maganda ang _______ nito.
7. Kung sa ating bansa naman, mas mabuti ang magkaisa upang hindi magkaroon ng hindi ______________.
8. Ang nagkakaisang bansa ay mayroong mabuti at masaganang ________.
9. Tayo ay nagkakaroon ng iisang mithiin na nagdudulot ng __________ at ________ sa ating bansa.



# Isagawa

## *Gawain 8.* Paggawa ng SLOGAN

Layunin:

1. Mailarawan ang dahilan ng pagkakaroon ng lipunang pulitikal
2. Mailarawan ang kahulugan ng prinsipyo ng subdisiarity at pagkakaisa
3. Maikukumpara ang dalawang prinsipyo sa pamamagitan ng mga halimbawa

Mga Gagamitin:

Kartolina, Krayola, Water Color, Lapis, Permanent Marker, Ruler

***Panuto: Basahin ang nasa ibaba.***

1. Sa isang Kartolina gumawa ng isang slogan na magpapakita ng iyong naintindihan tungkol sa paksa ng lipunang pulitikal. Ipakita din ang kahulugan ng pinsipyong subsidiarity at pagkakaisa.
2. Ang iyong output ay susuriin gamit ang Rubrics na ito:

| **MGA KRAYTERYA** | **4** | **3** | **2** | **1** | **Puntos** |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkamalikhain | Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa paghahanda. | Naging malikhain sa paghahanda. | Hindi gaanong naging malikhain sa paghahanda. | Walang ipinamalas na pagkamalikhain sa paghahanda. | |
| Pamamahala ng Oras | Ginamit ang sapat na oras sa paggawa ng sariling disenyo sa gawain. | Ginamit ang oras na itinakda sa paggawa at naibigay sa tamang oras. | Naisumite dahil binantayan ng guro | Hindi handa at hindi tapos. | |
| Presentasyon | Lubhang naging malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe. | Naging malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe. | Hindi gaanong malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe. | Hindi naging malinaw ang pagbigkas/paghahatid ng mensahe. | |
| Organisasyon | Buo ang kaisipan konsistent, kumpleto ang detalye at napalinaw. | May kaishan at may sapat na detalye at malinaw na intension. | Konsistent, may kaisahan, kulang sa detalye at hindi gaanong malinaw ang intension | Hindi ganap ang pagkakabuo, kulang ang detalye at di-malinaw ang intensyon | |
| Kaangkupan sa Paksa | Angkop na angkop ang mga salita (islogan) at larawan sa paksa. | Angkop ang mga salita o islogan sa larawan ng paksa. | Hindi gaanong angkop ang mga salita atlarawan sa paksa | Hindi angkop ang mga salita at larawan sa paksa. | |
| | | | | **Kabuuang Puntos** | |



# *Tayahin*

## Gawain 1: Pagpapasya

Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang isinasaad ng mga pangungusap ay katotohanan at **MALI** kung hindi.

___________1. Ang layunin ng politika ay upang paganahin ang mga miyembro ng isang lipunan na kolektibong makamit ang mga mahahalagang layunin ng tao na hindi nila makamit nang paisa-isa.

___________2. Ang ating mga pinuno ang siyang tagagawa nang mga hakbang at plano ukol sa mga programang makakatulong sa mga mamamayan na magkaroon nang matiwasay na pamumuhay.

___________3. Pag wala ang lipunang pulitikal kaya pa ring makamtan ang kapayapaan at matiwasay na pamumuhay sa isang baryo o lungsod.

___________4. Isa sa magandang epekto ng sistemang pulitikal na ginagamit ang prinsipyong subsidiarity ay ang inisyatibo ng indibidwal at grupo ay nabibigyan ng maximum na saklaw upang malutas ang mga problema.

_____________5. Madami ang hindi nakakaintindi sa tunay na halaga ng lipunang pulitikal dahil sa mga maling hakahaka ukol sa mga kontirbusyon nito sa pamayanan.

_____________6. Ang lipunang pulitikal ay laging nauugnay sa salitang kapangyarihan.

_____________ 7. Sa isang lipunan maaring sundin natin ang kahit sinong magbibigay nang panuto, gabay o batas at opinion nang kahit sinong myemro nito kahit na ito ay magdudulot nang kaguluhan.

_____________8. Ang lipunang pulitikal ay ang nangangasiwa ng ating pamayanan, ang mga material na pangangailangan nito at lalo na ang katahimikan at kapayapaan.

_____________9. Minsan ang ating lipunang pulitikal ang nakakatulong sa atin na makamit natin ang mga pangangailangan gaya nang edukasyon, tahimik na pamayanan at iba pang importanteng serbisyo sa komunidad.

_____________10. Ang ating lipunang pulitikal ang siyang pangangasiwaan ng mga mamamayan upang magkaroon sila nang magandang kabuhayan.

## *Gawain 2: (Word Puzzle)*

Panuto: Hanapin sa loob ng puzzle ang mga salitang may kaugnayan sa paksang subsidiarity. (May labing isang salita)

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | A | A | R | A | L | H | K | L | K |
| A | C | D | H | N | M | O | K | P | I | T | A |
| G | B | W | A | S | T | O | L | A | H | A | T |
| A | C | A | B | O | L | O | U | N | O | P | A |
| M | A | D | A | L | I | A | N | L | A | A | R |
| G | K | A | D | U | S | H | A | I | M | T | U |
| H | S | G | D | S | Y | A | S | P | L | | N |
| I | Y | A | A | Y | U | S | G | U | W | P | G |
| K | O | H | D | O | G | D | H | N | T | A | A |
| L | N | G | S | N | A | F | A | A | U | T | N |
| N | H | G | G | | D | D | K | N | A | A | O |
| A | G | A | D | N | A | L | U | N | A | S | P |


## *Gawain 3. Punan ang Patlang*

Panuto: Basahing maigi ang mga pangungusap. Punan ng tamang sagot ang bawat patlang na makikita sa loob ng kahon sa ibaba.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| malakas | puso | ekonomiya | desisyon | resulta |
| buo | pagkakaunawaan | suhestiyon | mithiin | |
| layunin | kaayusan | kapayapaan | nagtutulungan | |

1. Tayo ay nagkakaroon ng _________ hindi lamang sa ating sarili, sa pamilya pati na rin sa ating bayan.
2. Tayo rin ay ___________hindi lamang sa pamilya kundi pati sa ating ekonomiya.
3. Kung sa ating bansa naman, mas mabuti ang magkaisa upang hindi magkaroon ng hindi ______________.
4. Ang nagkakaisang bansa ay mayroong mabuti at masaganang ________.
5. I-rerespeto ang mga ______________ ng bawat isa at pakinggan ang _________ng bawat isa.

6. Kung sa eskwelahan, halimbawa na mayroon kayong project na pinapagawa ng iyong guro, mas kinakailangan na mayroon kayong pagkakaisa sa pag gawa ng dapat gawin upang maging maganda ang _______ nito.
7. Tayo ay nagkakaroon ng iisang mithiin na nagdudulot ng __________ at ________ sa ating bansa.
8. Kapag tayo ay may pagkakaisa, tayo ay nagiging __________at buo.
9. Ang *pagkakaisa* ay isang gawain na naglalayon ng iisang puso, iisang damdamin at iisang _________.



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto**: Gumupit ng dalawang (2) larawan na nailalarawan ang halaga ng lipunang pulitikal sa lipunan at mamamayan, dalawang (2) larawan na naipapakita ang kahulugan ng prinsipyong subsidiarity at dalawang (2) larawan naman na nagpapakita nang kahulugan ng prinsipyong pagkakaisa.

# Susi sa Pagwawasto

## Tayahin

**Gawain 1**

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. TAMA
6. TAMA
7. MALI
8. TAMA
9. TAMA
10. MALI

**Gawain 2**

**Word Puzzle**

1. Katarungan
2. Madalian
3. Pagkakaunawaan
4. Patas
5. Agad na lunas
6. Tapat
7. Panlipunan
8. Wasto
9. Lunas
10. Isyu
    Pag-aaral

## Subukin

**Gawain 1**

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. MALI
6. TAMA
7. TAMA
8. MALI
9. TAMA
10. TAMA

**Gawain 2**

Word Puzzle TAMA

1. Pag – aaral
2. Katarungan
3. Panlipunan
4. Tapat
5. Wasto
6. Aksyon
7. Madalian
8. Isyu
9. Lunas
10. Patas
11. Agad na lunas

***Subukin***

***Gawain 2 (Word Puzzle)***

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | S | A | N | U | L | A | N | D | A | G | A |
| O | A | A | N | K | D | D | | G | G | H | N |
| N | T | U | A | A | F | A | N | S | G | N | L |
| A | A | T | N | H | D | G | O | D | H | O | K |
| G | P | M | U | G | S | U | Y | A | A | Y | I |
| N | | L | P | S | A | Y | S | D | G | S | H |
| U | T | M | I | A | H | S | U | D | A | K | G |
| R | A | A | L | N | A | I | L | A | D | A | M |
| A | P | O | N | U | O | L | O | B | A | C | A |
| T | A | H | A | L | O | T | S | A | M | B | G |
| A | T | I | P | K | O | M | N | H | D | C | A |
| K | L | K | H | L | A | R | A | A | G | A | P |

**Tayahin**

***Gawain 2 (Word Puzzle)***

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | N | N | A | N | U | P | I | L | N | A | P |
| K | O | L | T | N | E | O | T | S | A | M | A |
| O | G | A | P | T | P | B | S | A | OA | B | A |
| H | O | R | O | A | A | A | A | N | A | A | P |
| N | M | A | N | P | G | S | M | U | Y | S | I |
| A | L | A | A | A | A | A | I | L | O | S | A |
| I | L | G | K | T | K | T | L | K | J | H | G |
| L | S | A | N | U | L | A | N | D | A | G | A |
| A | K | P | L | K | H | P | H | A | G | R | D |
| D | J | M | A | O | I | H | G | G | F | E | O |
| A | H | P | O | N | M | L | D | A | G | D | A |
| M | L | N | A | G | N | U | R | A | T | A | K |

# *Sanggunian*


https://www.academia.edu/4023206/The_Importance_of_Politics

https://brainly.ph/question/522783

https://brainly.ph/question/503145#readmore

https://brainly.ph/question/503145

https://brainly.ph/question/162953#readmore

https://www.shutterstock.com/image-vector/political-meeting-candidate-speech-election-campaign-1215770605

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph